IJAMS
INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume II, Issue 6 June 2022, eISSN: 2799-0664

# Pagbabaybay: Isang Pagsusuri sa Lebel ng Kasanayan ng mga Mag – aaral sa Wikang Filipino

**CHARLLY D. CAGBABANUA and GEMMA S. OROSCA**
PAFTE - Professional Association for Teacher Education
KWF – Komisyon sa Wikang Filipino
gemmaorosca@jrmsu.edu.ph
charlly.cagbabanua001@deped.gov.ph

*Abstrak* — Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral ng Titay National High School sa pagbabaybay ng mga salita sa wikang Filipino. Sa pag-analisa ng datos, gumamit ng t-Test: Two-Sample Assuming Equal Variances at Ang One way analysis of Variance (ANOVA). Pagkatapos ay binigyan ito ng deskriptibong interpretasyon. Natuklasan na ang Mga salitang hiram na nagsisimula sa letrang "S" at Mga salita na may klaster ay mahusay ang mga mag-aaral sa pagbabaybay. Samantala ayon sa Digrapong "ct", ang "ct" ay nagiging "K" kapag binaybay sa Filipino ay di-gaanong mahusay ang pagbabaybay.
Batay sa natuklasan, walang makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay kung iuugnay ito sa demograpikong profayl ayon sa kasarian ngunit magkaiba ang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay kung iuugnay sa demograpikong propayl ayon sa edad. Nangangahulugan na hindi lahat na magkasing edad ay pareho ang kanilang lebel ng kasanayan sa pag-iisip. Ibig sabihin ay walang sinumang magkapareho ang pag-iisip ng bawat tao. Talagang magkaiba ito sapagkat ang pagkatuto ay nakasalalay sa tao kung paano siya matuto. Bagamat marami ang napapabilang sa kategoryang mahusay, hindi ito nangangahulugan ng pagbalewala sa wastong pagbabaybay ng mga salita. Dagdag pa, kakitaan ang mga mag-aaral ng kahinaan sa mga pagbaybaybay sa Digrapong "ct", ang "ct" ay nagiging "K" kapag binaybay sa Filipino. Kaya, ang mananaliksik ay bubuo ng isang modyul bilang interbensyon sa pananaliksik at upang magamit ng mga guro bilang gabay sa kanilang pagtuturo.

***Mga Susing-salita* — *Lebel ng kasanayan, Pagbabaybay, Pagtuturo, Tuntunin at Pagkatuto***

## I. Introduksyon

Ang pagbabaybay ng mga salita ay isang pangunahing pangangailangan ng isang indibiwal upang maipahayag ang kanyang mensahe sa kinaukulan sa paraang pasulat. Sinasabing napakahalaga ito sapagkat dito tayo nagkaroon ng kaalaman na magsulat ng mga letra hanggang makabuo ng isang konsepto tungkol sa mga bagay na nais nating bigyan kahulugan. Sa pamamagitan nito nagkaroon tayo ng pag-unawa sa ating sinusulat at ito rin ang nagbibigay sa atin ng pagkakilanlan bilang isang tao saan man tayo magdako. Ayon kay Oliva, (2020), malaki ang naiambag ng pagbaybay sa buhay ng tao sapagkat sa pagbabaybay ay natuto tayong magbasa, magsulat ng mga letra at salita hanggang makabuo ng isang pangungusap. Subalit kahit palagiang ginagawa ang pagbaybay ng mga salita, sa panahon ngayon ay suliranin pa rin ang pagbabaybay kasama na ang pagpapantig at panghihiram ng mga salitang dayuhan. Di maikaila na isa ito sa problemang kinakaharap ng paaralan mapa-pribado at pampubliko.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Noong Taong 2001, naglabas ang komisyon sa wikang Filipino ng mga tuntunin sa tamang pagbabaybay ng mga salita sa Filipino at ito ay nakapaloob sa ortograpiya ng wikang Pambansa. Sinasabi dito na muling magkakaroon ng rebisyon sa alpabetong Filpino upang matugunan ang patuloy na debelopment o istandardisasyon ng Sistema ng pagsulat sa Filipino. Maaaring gamitin ang mga hiram na salita anuman ang varayti o tinatawag na karaniwang salita. Ngunit Noong taong 2008, naglabas muli ang KWF ng gabay sa Ortograpiyang ng Wikang Filipino at itinakwil ang radikal na rebisyon noong 2001 at mas binigyang halaga ang status quo, bagaman ginawa ng opisyal ang ilang aspeto nito.

Ang pagsulong ng estandardisasyon at modernisasyon ng ortgrapiyang Filipino ay sinasabing may malaking ambag sa pagkamit ng layunin at mithiin sa pang-edukasyon. Tugon dito ang inilabas ng Komisyon ng Wikang Filipino na Binagong Ortograpiyang Pambansa. Layunin ng naturang ortograpiya na mailahok ang mahahalagang kaakuhan ng mga katutubong wika tungo sa estandardisadong ortograpiyang Filipino na maaaring gamitin sa lahat ng wika sa Pilipinas (Almario, 2014).

Bunga ng maraming usapin at pagbabago, at sa patuloy na pagyabong at pag-unlad ng teknolohiya labis na naaapektuhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral lalo na sa pagsulat, pagbabaybay at pagpapantig ng mga hiram na salita. Pinaiikli at binabawasan ang mga letra at minsa'y pinapalitan ang mga salita ng mga numero na nagiging dahilan ng paghina ng kapasidad ng mga mag-aaral.

Ang suliranin ng pagbabaybay ng mga salita sa wikang Filipino ay hindi na bago sapagkat karamihan sa mga mag-aaral ngayon ay lubos na nahuhumaling sa ibang wika. Ang pagiging kolonisadong pag-iisip ng mga mag-aaral ay siyang dahilan rin ng malimit natutuhan ang mga salita sa wikang Filipino. Ayon kay Penamora (2000) ang kaisipang kolonyal sa ating mga ideya, salita at gawa ay dulot ng mahabang pananakop ng mga dayuhan sa ating bansa. Kung kaya masasabing hindi pa rin tayo ganap na malaya dahil patuloy pa rin ang pananakop ng mga dayuhan sa atin. Kung tutuusin, mas makapangyarihan pa ang ganitong uri ng pananakop dahil ito ay nasa lebel ng pag-iisip. Sinasabing ang Filipino ay liberated variety of Pilipino dahil sa Malaya nitong tinatanggap ang mga salitang katutubo o banyaga man, ito ay mananatiling buhay at dinamiko (Santos at Hulana, 2008).

Ang layunin ng isinagawang pag-aaral ay matukoy at masuri ang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa tamang baybay ng mga salita sa wikang Filipino. At sa pamamagitan nito ay makapagbigay ng isang mungkahi at interbensyon mula sa isinasagawang pananaliksik. Dahil ang pagkakaroon ng sapat na kasanayan sa pagbabaybay ng mga salita ay maituturing na isang malaking tagumpay nito sa mga guro sa Filipino.

**Literature Review**

Ipinapakita mula sa pag – aaral ni Gallego (2016) na ang ilang mga indikasyon ng pagbabago sa Filipino katulad ng sa ortograpiya at pagbaybay, at aspektong leksikal at estruktural

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

ng wika. Simula 1923 hanggang kasalukuyan, masasabing maraming nadagdag at nawalang mga salita, hindi lamang sa pangngalan at pandiwa kundi pati na rin sa mga pangatnig at ilang kataga. Nagkaroon din ng estruktural na pagbabago kung saan unti-unting dumadalang ang paggamit ng ilang mga panlapi at maging partikular na porma ng pangungusap. Ang mga pagbabagong ipinapakita ay masasabing dulot ng natural na prosesong pinagdaraanan ng anumang wika (kagaya ng pagbabago ng tunog), o dala ng interaksyon ng Filipino sa ibang wika, partikular na sa wikang Ingles.

Noong Taong 2001, naglabas ang komisyon sa wikang Filipino ng mga tuntunin sa tamang pagbabaybay ng mga salita sa Filipino at ito ay nakapaloob sa ortograpiya ng wikang Pambansa. Sinasabi dito na muling magkakaroon ng rebisyon sa alpabetong Filpino upang matugunan ang patuloy na debelopment o istandardisasyon ng Sistema ng pagsulat sa Filipino. Maaaring gamitin ang mga hiram na salita anuman ang varayti o tinatawag na karaniwang salita. Ngunit Noong taong 2008, naglabas muli ang KWF ng gabay sa Ortograpiyang ng Wikang Filipino at itinakwil ang radikal na rebisyon noong 2001 at mas binigyang halaga ang status quo, bagaman ginawa ng opisyal ang ilang aspeto nito.

Ang pagsulong ng estandardisasyon at modernisasyon ng ortgrapiyang Filipino ay sinasabing may malaking ambag sa pagkamit ng layunin at mithiin sa pang-edukasyon. Tugon dito ang inilabas ng Komisyon ng Wikang Filipino na Binagong Ortograpiyang Pambansa. Layunin ng naturang ortograpiya na mailahok ang mahahalagang kaakuhan ng mga katutubong wika tungo sa estandardisadong ortograpiyang Filipino na maaaring gamitin sa lahat ng wika sa Pilipinas (Almario, 2014).

## II. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa disensyo ng kwantitatibo at deskriptibo. Sinuri sa pag-aaral na ito ang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong baybay ng mga salita sa wikang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay kwantatibo para makamit ang mas malalim na pagkakaunawa kung ano lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong pagbaybay ng mga salita sa wikang Filipino. Ginamit rin sap ag – aaral ang sequential mixed method kung saan mula sa resulta ng mga respondente, nagkakaroon ng pakikipanayam ang mga mananaliksik upang mabigyan ng kapamigatan ang resulta.

### Paraan ng pangangalap ng datos

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa pangalawang markahan ng taong panuruan 2021-2022 alinsunod sa hinihinging permiso ng punong-guro ng paaralan ng Titay National High School. Upang masiguro ang kaligtasan ng mga repondente gumamit ng mananaliksik ng online kwestyuner na google form na kung saan isa sa mabisang paraan sa ngayon sa pagkalap ng mga datos. Ang mananaliksik ay magbigay ng mga link sa mga respondente upang maka-akses at masagotan nila ang ibinigay na katanungan mula kwestyuner. At gumawa ng isang pagsasanay

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 6 June 2022, eISSN: 2799-0664

ang mananaliksik upang makuha ang kanilang lebel sa kasanayan sa pagbabaybay ng mga salita. Isang pagsasanay sa pagbabaybay na kung saan baybayin sa wikang Filipino ang mga salita na nakasulat sa wikang ingles at ang paksa na kanilang pagbabatayan ay tungkol sa panahon ng pandemya.

**Lugar ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik ay nakasentro sa mga mag-aaral sa Baitang 12 ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Titay ng taong panuruan 2021-2022. Ang Pambansang Mataas na Paaralan ng Titay ay nagbukas noong 1986 bilang Barangay High School. Ito ay matatagpuan sa bayan ng Titay, Lalawigan ng Zamboanga Sibugay. Sa kasalukuyan, ang paaralan ay mayroong populasyon na 2800 sa ilalim ng Kurikulum na K to 12 na mayroong 120 guro kasama na dito ang mga guro sa Senior High School. Ang lugar na ito ay angkop sa isinasagawang pananaliksik tungkol sa wastong pagbabaybay dahil karamihan sa mga mag-aaral dito ay nakitaan ng mababang lebel ng kasanayan sa pagbabaybay sa wikang Filipino partikular sa Senior High School Greyd 12 STEM Seksyon natatangi.

**Instrumento ng pananaliksik**

Gumawa ang mananaliksik ng sariling pamantayan o rubrics bilang instrumento sa pagkuha ng mga datos. Ito ang nagsisilbing gabay ng mag-aaral sa kanilang ginawang pagsasanay sa pagbabaybay. At Nahahati sa dalawang bahagi ang gagamiting instrumento sa pananaliksik. Una, ang paglalahad sa profayl ng mga respondente. Sa bahaging ito, hindi naman ganoon kahaba ang pamamaraan ng pagkuha ng datos sa profayl dahil binubuo lamang ito ng dalawa na katanungan: edad at kasarian. May malaki itong ginagampanan sa loob ng pananaliksik dahil maaaring makatulong ito sa pagbibigay ideya kung ilang bahagdan ng mag-aaral ang kanilang lebel ng kasanayan sa pagbabaybay ng mga salita sa wikang Filipino.

Sa ikalawang bahagi naman ang paglalahad ng iba't ibang salita mula sa wikang Ingles at pagbabaybayin ito sa wikang Filipino. Sa paglalahad ng mga salita mula sa wikang Ingles, binubuo ito ng tatlong tuntunin sa pagbabaybay—ang Digrapong "ct", ang "ct" ay nagiging "K" kapag binaybay sa Filipino, Mga salitang hiram na nagsisimula sa letrang "s" at Mga salitang may klaster. Dalawangpu't anim (26) na salita ang inilatag sa loob ng kwestyuner na nakasulat sa wikang ingles at bawat salita ay gawan ito pangungusap na may paksang tungkol sa pandemya at kailangan itong baybayin sa wikang Filipino.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

## III. Resulta at Diskusyon

**Talahanayan 1 Profayl Ng Mga Respondent Ayon Sa "Edad"**

| Edad | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| **16** | 9 | 17.31% |
| **17** | 22 | 42.31% |
| **18** | 21 | 40.38% |
| **Total** | 52 | 100% |

Natuklasan na 17.31% na bahagdan ng mga respondente ang nasa edad labing-anim (16), 42.31% na bahagdan ang nasa labinpito (17) ang edad at 40.38 % naman ng bahagdan ang nasa edad labinwalo (18). Nangangahulugan na halos magkapantay ang bilang ng mga respondente sa edad na nasa 17 at 18.

**Talahanayan 2. Profayl Ng Mga Respondent Ayon Sa "Kasarian"**

| Kasarian | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| **Babae** | 32 | 62% |
| **Lalaki** | 20 | 38% |
| **Total** | 52 | 100% |

Natuklasan na animnapu't dalawa (62%) na bahagdan ng mga respondente ang Babae at tatlongpu't walo (38%) na bahagdan lamang ang Lalaki. Sinasabing mas marami ang mga babaeng respondente kaysa Lalaki sapagkat ayon sa registrar ng paaralan ay mas marami ang mga nag-enrol ay babae kaysa lalaki.

**Talahanayan 3. Lebel ng Kasanyan sa Paggamit ng Digrapong "ct", ang "ct" ay nagiging "K" kapag binaybay sa Filipino**

| Lebel ng Kasanayan sa Pagbabaybay | Range of the Score |
|---|---|
| Napakamahusay | 12-14 |
| Mahusay | 9-11 |
| Katamtamang husay | 6-8 |
| Di-gaanong husay | 4-5 |
| Di-mahusay | 1-3 |

| Lebel na kasanayan | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Napakamahusay | 10 | 19% |
| Mahusay | 8 | 15% |
| Katamtamang husay | 4 | 8% |
| Di-gaanong mahusay | 24 | 46% |
| Di-mahusay | 6 | 12% |

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Natuklasan sa pag-aaral na 46% o 24 na mga mag-aaral ay di-gaanong mahusay sa kanilang pagbabaybay ng mga salita ayon sa Digrapong "ct", ang "ct" ay nagiging "K" kapag binaybay sa Filipino. Nangangahulugan lamang ito na maraming mag-aaral ang nagkakaroon ng pagkakamali sa kanilang pagbabaybay ng mga salita sa wikang Filipino.

Sang-ayon naman ito sa pag-aaral ni Araneta (2017) na ang nangunang dahilan ng pagkakamali ng mga mag-aaral sa pagbabaybay ng mga salita ay ang pagpapalit, pagkakaltas, pagbabaligtad at pagsisingit ng mga lertra. Ayon sa kanya ang pagkakamali sa pagbabaybay ay karaniwang bunga ng pagmamadali at kawalan ng pokus sa pagsulat. Dagdag pa ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa pagkilala sa bahagi ng pananalita na siyang dahilan upang magtamo ng kamalian at pagpapalitan sa tiyak na gamit ng mga salita. Sinang-ayonan naman ito ni Malana (2013) na isa sa mga dahilan ng pagkakamali sa pagbabaybay ng mga salita ay maling pagbigkas at ang kakulangan sa kaalaman ng mga mag-aaral sa lingwistikong Filipino. Kaya nararapat lamang na gabayan ang mga mag-aaral na alamin ang pagbabaybay ng wikang Filipino at wikang banyaga at kailangang magsanay sa tunog ng bawat letra ang mag-aaral upang makuha ang tiyak na baybay ng mga salita. Pinaboran naman ito ni Cortez (2011) sa kanyang pag-aaral na mababa ang antas panggramatikong kakayahan ng mga mag-aaral kung kaya't nararapat na pagtuunan ng pansin ang Wikang Filipino upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay at gramatiko.

**Talahanayan 4. Lebel ng kasanyan sa paggamit Mga Salitang Hiram Na Nagsisimula Sa Letrang "S"**

| Lebel ng Kasanayan sa Pagbabaybay | Range of the Score |
|---|---|
| Napakamahusay | 5 |
| Mahusay | 4 |
| Katamtamang husay | 3 |
| Di-gaanong husay | 2 |
| Di-mahusay | 1 |

| Lebel na kasanayan sa Pagbabaybay | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Napakamahusay | 14 | 27% |
| Mahusay | 18 | 35% |
| Katamtamang husay | 10 | 19% |
| Di-gaanong mahusay | 8 | 15% |
| Di-mahusay | 2 | 4% |

Natuklasan sa pag-aaral na 35% o 18 na mag-aaral ay mahusay sa kanilang pagbabaybay ng mga salita sa wikang Filipino ayon sa Mga Salitang Hiram Na Nagsisimula Sa Letrang "S". Nangangahulugan lamang ito na maraming mga mag-aaral ang marunong at mahusay na magbaybay ng mga salita sa wikang Filipino.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Nakita sa pag-aaral na nahirapan ang mga mag-aaral sa pagbabaybay ng mga salitang "stand" sa wikang Filipino na naging "Istand" – 29% o 15 na mag-aaral na nakakuha ng wastong baybay, "scout" na may 33% o 17 na mag-aaral ang nakakuha ng wastong baybay, Ang "sport" na may 52 % o 27 na mag-aaral lamang ang nakakuha ng wastong pagbabaybay, "schedule" ay may 54% o 28 na mga mag-aaral. At ang "scholar" ay 58% o 30 na mga mag-aaral ang nakakuha ng mataas na bahagdan sa pagsulat ng mga salita ng wastong pagbabaybay.

**Talahanayan 5. Lebel ng kasanyan sa Paggamit Mga salitang may Klaster**

| **Lebel ng Kasanayan sa Pagbabaybay** | **Range of the Score** |
|---|---|
| Napakamahusay | 6-7 |
| Mahusay | 4-5 |
| Katamtamang husay | 3 |
| Di-gaanong husay | 2 |
| Di-mahusay | 1 |

| **Lebel na kasanayan sa Pagbabaybay** | **Frequency** | **Percentage** |
|---|---|---|
| Napakamahusay | 15 | 29% |
| Mahusay | 25 | 48% |
| Katamtamang husay | 9 | 17% |
| Di-gaanong mahusay | 3 | 6% |

Natuklasan sa pag-aaral na 29% ng mga mag-aaral ay Napakamahusay, 48% ng mga mag-aaral ay mahusay, 17% naman ng mga mag-aaral ay katamtamang husay, 6% ng mag-aaral ang may Di-gaanong mahusay.

Nakita sa pag-aaral na nahirapan ang mga mag-aaral sa pagbabaybay ng mga salitang "relax" sa wikang Filipino na naging "Relaks" – 31% o 16 na mag-aaral na nakakuha ng wastong baybay, "Joke" na may 33% o 17 na mag-aaral ang nakakuha ng wastong baybay, Ang "construct" na may 48% o 25 na mag-aaral lamang ang nakakuha ng wastong pagbabaybay, "driver" ay may 52% o 27 na mga mag-aaral, "jeep" ay may 58% o 30 ang nakakuha ng wastong baybay. At ang "card" ay 79% o 41 na mga mag-aaral ang nakakuha ng wastong pagbabaybay. At ang pinakamataas na bahagdan ay ang "radio" na may 85% o 44 na mga mag-aaral ang nakakuha ng watong pagbabaybay.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 6. Pagkakaiba ng Lebel ng Kasanayan ng Mag-aaral ayon sa Kasarian**

| KASARIAN | MEAN | SD | DF | T-VALUE | P-VALUE | REMARKS |
|---|---|---|---|---|---|---|
| LALAKI | 5.60 | 3.78 | 7 | 0.32 | 0.761 | NOT SIGNIFICANT |
| BABAE | 4.80 | 4.21 | | | | |

Napatunayan na walang pagkakaiba ang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay kung iuugnay ito sa demograpikong propayl ayon sa kasarian. Samakatuwid, walang makabuluhang pagkakaiba ang babae at lalaki sa lebel ng kanilang kasanayan sa pagbabaybay ng mga salita. Kung susuriin ang mean ng kanilang iskor ayon sa kasarian, mas mataas pa ang lalaki na 5.60 kung ikumpara sa babae na 4.80.

**Talahanayan 7. Pagkakaiba ng Lebel ng Kasanayan ng mga Mag-aaral ayon sa Edad**

| EDAD | N | MEAN | SD | P-VALUE | REMARKS |
|---|---|---|---|---|---|
| 16 | 9 | 3.67 | 0.87 | 0.034 | SIGNIFICANT |
| 17 | 22 | 2.95 | 1.05 | | |
| 18 | 21 | 3.67 | 0.86 | | |

Napatunayan na may pagkakaiba ang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa edad. Samakatuwid, may pagkakaiba ang edad na 16,17 at 18 sa lebel ng kanilang kasanayan sa pagbabaybay ng mga salita. Kung susuriin ang mean ng kanilang iskor ayon sa edad, mas mataas pa ang edad na 16 at 18 na may 3.67 kaysa edad na 17 na may 2.95. Nangangahulugan na hindi lahat na magkasing edad ay pareho ang kanilang lebel ng kasanayan sa pag-iisip. Ibig sabihin nito ay walang sinumang magkapareho ang pag-iisip ng bawat tao. Talagang magkaiba ito sapagkat ang pagkatuto ay nakasalalay sa tao kung paano siya matuto. Mapapansin na sa ganitong kategorya ng edad ay nasa Identity versus confusion ni erikson na kung saan ang nasa 12-18 na taong gulang ay panahon ito sa pagdadalaga. Sa yugtong ito, tinutuklasan ng mga kabataan ang kanilang kalayaan at nagkakaroon ng pakiramdam ng sarili na siya naman dahilan kung bakit nag-iiba ang kanilang hilig sa buhay at nakakaapekto rin ito sa kanilang pagkatuto. Ayon kay Erikson, umuunlad ang mga tao sa isang serye ng mga yugto habang sila ay lumalaki at nagbabago sa buong buhay. Sa bawat yugto, nahaharap ang mga tao sa isang salungatan sa pag-unlad na dapat lutasin upang matagumpay na mabuo ang pangunahing birtud ng yugtong iyon. Interesado siya sa kung paano nakakaapekto ang pakikipag-ugnayan sa lipunan at mga relasyon sa pag-unlad at paglago.

Samakatuwid ang edad ay may kinalaman sa kanilang pagkatuto ng mga gawain partikular sa mga pang-akademikong gawain tulad ng pagbabaybay at dala na rin pagbabago sa kanilang pag-iisip. Sa katanuyan ay hindi lahat marunong magbaybay ng tama kaya kailangang ang pagsasanay ng paulit-ulit upang makuha ang wastong pagbabaybay. At kailangang ang masinsinang pagtuturo tungkol sa pagbabaybay na siyang malaking hamon ng mga guro sa Filipino.

Batay sa mga resulta na natuklasan, nagkakaroon ng ideya ang mananaliksik na gumawa ng modyul upang magpapaliwanag sa wastong pagbabaybay ng mga salita sa wikang Filipino.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Nakapaloob sa modyul ang mga tuntunin sa pagbabaybay. Sa ganitong paraan mahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay at matuto silang baybayin ang mga salita na nakasulat sa ibang wika partikular sa wikang Ingles kahit pa hindi ito tinutumbasan sa wikang Filipino. Ang paggawa ng modyul ay makakatulong rin ito sa mga guro particular sa mga guro sa Filipino bilang isang kagamitang pampagtuturo.

## IV. Konklusyon

Sa kabuuan, batay sa mga inilahad na datos, napagtanto ng mananaliksik na sa kabila ng maraming bahagdan ng mga greyd 12 mag-aaral ay mahusay ay may mga mag-aaral pa rin na hindi pamilyar sa tamang pagbaybay ng mga salita at patuloy na nalilito sa pagbabaybay ng mga salita tulad ng mga Digrapong "ct", ang "ct" ay nagiging "K" kapag binaybay sa Filipino at natuklasan na di-gaanong mahusay sa pagbabaybay ng mga salita sa wikang Filipino ang mga ito.

Samakatuwid, malaki ang gampanin ng mga guro lalo na sa sekondarya sa pagtuturo sa pagpapaliwanag at pagsasanay sa mga mag-aaral sa wastong pagbaybay ng mga salita sa wikang Filipino.Nagpapakita ito ng hudyat na dapat pang pagbutihin ng mga guro particular sa mga guro sa Filipino ang kanilang pagtuturo pagdating sa pagbabaybay ng mga salita upang mapaulad at mapayabong pa ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga gawaing may kinalaman sa pagbabaybay.

## Sanggunian

[1] Araneta, J. P. (2017). Karaniwang Pagkakamali sa Wastong Gamit ng mga salita: Isang Pagsusuring Pambarila. Nakuha noong Ika 17 ng Enero 2022 mula sa https://prezi.com/yg2du0ru5sht/karaniwang-pagkakamali-sa-wastong-gamit-ng-mga-salita-isang/
[2] Cortez, A. (2011). Gramatikong Kahinaan at Kamalian sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral. Nakuha noong ika-16 ng Enero 2022 ng https://prezi.com/_bexxnktlrkv/filipino/
[3] Gallego, M. K. (2016). Isang Pagsusuri sa Korpus Ukol sa Pagbabago ng Wikang Filipino, 1923-2013. Philippine Social Sciences Review, 68.
[4] Joseph Emmanuel F. Penamora (2000). Kaisipang kolonyal: sa isip, salita, at sa gawa isang post kolonyal na pagususuri ng mga Talinghaga sa mga tula ni Benida S. Santos. Retrieved by https://animorespository.dlsu.edu.ph/etd_bachelors/1712/.
[5] Komisyon ng Wikang Filipino.2001 Revision ng alfabeto at patnubay sa ispeling ng wikang Filipino. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/2001/08/17/do-45-s-2001-ang-2001-rebisyon-ng-alpabeto-at-patnubay-sa-lspeling-ng- wikang-filipino/
[6] Malana C. J. (2013). Mga Suliranin sa Pagtuturo ng Pagbabaybay sa Wikang Filipino sa Sekondaryang Paaralan . Nakuha noong ika -15 ng Enero, 2022. Mula sa https://prezi.com/yg3iodzxic3q/mga-suliranin-sa-pagtuturo-ng-pagbabaybay-sa- wikang-filipino-sa-sekondaryang-paaralan/
[7] Maria Kristina Gallego (2016), Isang Pagsusuri sa Korpus Ukol sa Pagbabago ng Wikang Filipino, 1923-2013, Philippine Social Sciences Review 68 No.1, Retrieved from https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/53295760/Gallego

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

[8] Oliva Ginalyn (2020). Pagtukoy sa Kaalaman sa mga Pagbabago sa ortograpiya ng wikang Filipino sa Ikalimang Baitang gamit ang interbensyong I-SPELP. Retrieved from https://www.scribd.com/document/461335954/Kaalaman Sa Mga Pagbabago Sa Ortograpiya NG Wikang Filipino | PDF (scribd.com)

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved